

3. Isabog ang 250 kgs kada isang ektarya na tuyong dumi ng manok at kung wala, gumamit ng limang kilo ng urea.



4. Idilig ang kinanaw na *Trichoderma* (Compost Fungus Activator or CFA) sa binasang dayami.

Inirerekomenda ang paggamit ng dalawampung (20) pakete ng *Trichoderma* kada isang ektarya.



5. Matyagan ang kalagayan ng dayami tuwing Ika-lawang araw at tapak-tapakan ang ibabaw upang makasipsip ng tubig.



6. Kapag natuyuan, papasukin muli ang tubig mula sa irigasyon at hayaang mababad ang mga dayami upang mapabilis ang pagkabulok.



7. Pagkaraan ng apat (4) na linggo, maaari nang simulan ang pag-aararo ng bukid. Sa panahong ito, bulok na ang mga dayami.



8. Sa huling pagsusuyod, ilagay ang karagdang limang (5) sako ng dumi ng manok katumbas ng 250 kgs. kada isang ektarya o limang kilo ng urea kada ektarya.

Halaw sa:

“Ang Mabilis na Paggawa ng Compost sa Tubigan sa Panahon ng Tag-ulan”, Dr. Virginia C. Cuevas, Unang Edisyon, UPLB, 1992.

For more information, please contact:

Laboratory Services Division
Bureau of Soils and Water
Management
Elliptical Road cor Visayas Avenue
Diliman, Quezon City
Tel. No. 923-04-92/920-43-78
Fax No. 923-04-56

Makabagong paraan ng paggawa ng kompos mula sa dayami



Department of Agriculture
BUREAU OF SOILS AND WATER MANAGEMENT
Elliptical Road corner Visayas Avenue,
Diliman, Quezon City

ANO ANG KOMPOS?

Ang kompos ay isang uri ng pataba (organic fertilizer) na nagmula sa nabulok na mga halaman, basura, dumi ng hayop at anumang uri ng organikong materyal.



ANO ANG TRICHODERMA?

Ang *Trichoderma harzianum* ay isang uri ng fungus at kilala rin sa tawag na Compost Fungus Activator (CFA). Ito ay pure culture na pinapatubo sa agar-oatmeal medium na kasingbisa ng powder form.

Sa tamang moisture content, mabisa at malaki ang maitutulong nito sa pagpapabilis ng dekomposisyon o pagkabulok ng tinatawag na lignocellulose materyal katulad ng dayami, busal at tangkay ng mais, sapal ng tubo, damo, tuyong dahon, tira-tirang pagkain at dumi ng hayop.

MGA PAKINABANG SA PAGGAMIT NG KOMPOS

Madaliang Pakinabang

Mababawasan ang paggamit ng komersyal na abono hanggang 50%

Pangmatagalang Pakinabang

1. Pinatataba ang lupa.
2. Pinagaganda ang pagsalat (texture) at bungkal (tilth) ng lupa.
3. Pinabubuti ang daloy ng hangin at kapasidad na humawak ng tubig (water-holding capacity).
4. Napipigil ang pag-asim at alkalinidad ng lupa.
5. Walang polusyon na ibinibigay sa kapaligiran, tao, hayop at halaman (no pathogenic effect).
6. Tataas ang kakayahan ng magsasaka na umasa sa sarili (increase self-reliance).

PARAAN NG PAGGAWA NG KOMPOS SA BUKID NA MAY IRIGASYON O PATUBIG

Simulan ang paghahanda ng kompos, isa at kalahating buwan bago magtanim

Mga gamit na kailangan:

Dayami (rice straw)
Tuyong dumi ng manok kung meron
o ibang klase ng dumi ng hayop
Trichoderma harzianum (CFA)



Mga hakbang:

1. Ikalat ang mga dayami sa mga pinitak na ang kapal ay depende sa dami ng tubig na ilalagay. Tapak-tapakan ang mga dayami sa lugar na hindi nabasa o mataas pa upang matiyak na nabababad ang mga ito sa tubig.



2. Papasukin kaagad ang tubig sa pinitak at hayaang mababad ang dayami ng 12 oras. Siguraduhing sarado ang mga daanan ng tubig.

